

TULAD NG DALOY, TULAD NG AGOS: ANG WIKANG FILIPINO SA BAGONG KURIKULUM

by:
Ma. Quesia V. Corullo
LPT

Sa tuwing bubuksan ko ang aking ulirat upang pakinggan ang mga bulalas ng bibig ng mga tao sa aking paligid, parati kong naisip kung hanggang saan na ang narating ng pagbabago ng ating wika, ang Filipino. Hindi na ito katulad ng dati. Hindi na ito ang malalimang pakikipagtalastasan. Hindi na ito ang pinausong balagtasang ni Baltazar. Hindi na ito ang pinanday na pluma ni Dr. Jose Rizal. Hindi na ito ang mga matatamis na salita ng mga manliligaw ng mga mayuyuming dalaga. Hindi na ito ang matatalinong kataga ni Apolinario Mabini. Higit sa lahat, hindi na ito ang katumbas ng mga ninunong ipinaglaban ang ating pagka-Pilipino. Ito ay dahil ang isang wika ay umaagos at dumadaloy tulad ng karagatan. At sa paglipas ng panahon, ito ay nagbabago.

Ang wikang Filipino, kung atin ring tawagin ay Tagalog, ay kailanma'y ating maipagmamalaking isang yaman at dugo ng ating pagkamamamayan. Noon, isang kalapastanganan ang hindi igalang ang sariling wika, ngunit ngayon ay naihahalo na natin ito sa wika ng iba. Dalawang halimbawa ang mga terminolohiyang ating kilala, ang "Engalog" kung saan mas dominante ang wikang Ingles kapag ito ay inihahalo sa Tagalog at "Taglish" kung saan mas matatas ang paggamit ng wikang Tagalog kapag inihahalo ito sa Ingles.

Maraming eksperto ang nagsasaliksik patungkol sa patuloy na pagbabago ng ating wika. Isa na dito si Maria Lourdes Bautista na matagal nang sinasaliksik ang Philippine English at kung paano ito ginagamit ng isang guro sa "code switching." Ayon kay Bautista (2008), ang code switching ay ang pagpapalit ng guro ng wika habang naglalahad ng aralin sa mga bata. Kapag hindi naiintindihan ng mga mag-aaral ang

malalim na salita sa Filipino, gumagamit ang guro ng Ingles at baliksalida. Sa mga araling tulad ng Panitikang Ingles, gumagamit ang guro ng Tagalog upang mas maipaliwanag sa mga estudyante ang buong konsepto.

Sa patuloy na paggamit sa code switching, ito ay nagresulta sa dayakronikong ebolusyon (Nordquist, 2019) ng wikang Filipino. Hindi na puro ang pagtuturo ng wikang ito. Kumbaga sa isang puting damit, ito ay nahaluan na ng dekolor. Idagdag pa natin ang pagiging malikhain ng mga Pinoy sa paglalaro sa ating wika – Jejemon, Gaylingo, Wikang Kanto – ilan lamang ito sa mga kolokiyal na sinasalita ng karamihan sa atin at hindi natin maikakaila na kahit hindi ito naituturo, ito ay kusang naipapalaganap.

Kung pag-uusapan naman natin ang bagong kurikulum base sa R.A. 10533 o mas kilala bilang Enhanced Basic Education Act of the Philippines, binibigyang pansin mula sa Kindergarten hanggang sa ikatlong baitang ang pagtuturo at ang paggamit ng Filipino at ng iba pang wikang pang-rehiyon. Ito ay nakasaad sa seksyon ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE). Sa sekondarya naman, patuloy ang pagtuturo ng wikang Filipino kaangkla ng apat na kilalang kwentong pampanitikan – Ibong Adarna, Florante at Laura, Noli Me Tangere, at El Filibusterismo.

Sa Senior High School, iba't ibang sabdyek ang saklaw ng Filipino tulad ng Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino, Pagbasa at Pagsusuri sa Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik, at Filipino sa Piling Larang. Kung ating titignan, naituturo pa rin naman ang ating wika, ngunit ang pokus ay sa pagsulat at hindi sa pagsasalita. Mas malaki ang eksposyur ng bawat isa sa pagsasalita sa araw-araw, dahilan kung bakit hindi gaanong nasasanay ang mga mag-aaral sa pagsasalita ng Filipino.

Sa kolehiyo, tuluyan nang inalis ang Filipino at pinalitan na ng “foreign languages” tulad ng Mandarin, Spanish, Hangul, at Nihongo. Ito ang mas tunay na

nakakalungkot. Hindi koi big sabihing hindi dapat aralin ang ibang wika, ngunit ang pagtanggap sa Filipino ay parang pagkakait sa ating pagkatao.

Sa aking pasubali, higit kong pagbubutihin ang paghubog sa mga mag-aaral upang kilalanin nila an gating mayamang wika kahit pa iba na ang kanilang henersayon. Higit sa lahat, mahirap mahalín ang ibang kultura kung hindi natin kayang mahalín ang ating ipininta na sa talahib ng kasaysayan. Kahit ano pang ihalo sa ating wika, ang Filipino ay mananatiling isang simbolo ng ating pagkabigo at pagkapanalo. Ang kurikulum natin ngayon ay maaari pang mabago, at sana’y sa darating na panahon ay mas maunawaan natin ang tunay na kalagayan ng wikang ating ipinaglaban.

References:

Bautista, M.L. (2008.) Philippine English: Linguistic and Literary. De La Salle University.

Retrieved from [researchgate.net](https://www.researchgate.net) last July 10, 2022.

Nordquist, R. (2019). Defining Synchronic and Diachronic Linguistics. Retrieved from www.thoughtco.com last July 10, 2022.

Republic Act 10533 – Enhanced Basic Education Act of 2013.